Institute of Political Economy

Pebrero 2003

Praymer sa Gerang Agresyon ng US sa Iraq

DUGO PARA SA LANGIS

Pigil ang hininga ng buong daigdig. May pangamba sa dibdib ang lahat sa pag-aabang sa susunod na hakbangin ng gubyerno ni George W. Bush ng United States (US) sa bansang Iraq. Mula pa noong Disyembre noong nakaraang taon, daanlibong tropang Amerikano na ang ipinadala sa mga kanugnogbansa at baybayin ng Iraq upang ilatag ang todotodong gera laban sa diumano'y teroristang rehimen ni Saddam Hussein.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila • P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 • Fax 7160108 • E-mail: editors@ibon.org

Tila asong ulol ang gubyernong US sa militaristang kampanya nito. Matapos pulbusin ang Afghanistan upang hanapin ang pinaghihinalaan nitong may pakana sa pambobomba sa US, ang binabalingan naman ay ang Iraq, Iran at North Korea na tinatawag nitong “axis of evil” o sentro ng kasamaan. Bukod pa dito, ang panghihimasok at paglalatag ng mga pwersang militar sa mga bansang malakolonya tulad ng Pilipinas.

Subalit anumang paglulubid ng buhangin at pag-iimbento ng mga dahilan, hindi makumbinsi ng US ang buong mundo upang bigyang katwiran ang agresyon nito sa Iraq. Kahit na nga ang mga mamamayan at gubyerno sa Gitnang Silangan ay nagpahayag ng kanilang pagtutol sa walang katwirang digmang inilulunsad ngayon ng gubyernong Bush. Maliban sa kaalyadong gubyernong Tony Blair ng United Kingdom (UK), Australia at mga papet na gubyerno tulad ng Pilipinas, hindi makakuha ng suporta ang US sa militaristang proyekto nito.

Makikita ito maging sa Security Council ng United Nations na konsehong dulugan sa mga isyu ng digmaan at sigalot sa pagitan ng mga bansa. Sa 15 bansang miyembro ng konseho, tanging ang UK, Spain at Bulgaria lamang ang nagpahayag ng pakikiisa sa US. Ang ibang miyembrong bansa kahit na ang mga imperyalistang bansang France, Germany, China at Rusya ay humiling ng mas matibay na batayan upang gerahin ang Iraq.

Gayunma’y matigas na nanindigan ang gubyernong Bush kahit pa nabigo ang kanilang sugong si US Secretary of State Colin Powell na kumbinsihin ang UN Security Council at lalo na’t pinasinungalingan ng UN weapons inspector team ang diumano’y mga ebidensya ng US laban sa Iraq. Ayon nga sa gubyerno ng imperyalismong US, game over na raw na ang ibig sabihin ay lulusubin nito ang Iraq kahit walang pagsang-ayon ang United Nations. Kahit nag-iisa, sasalakayin nito ang Iraq.

Nalalantad sa buong mundo ang tunay na motibo sa pagsalakay ng US sa Iraq. Sa likod ng diumano’y gera laban sa terorismo ay isang mapangwasak at mapandambong na pakana ng imperyalismong US at UK na pilit na naghahanap ng solusyon sa dinaranas nitong krisis.

1 Bakit may gera sa Iraq?

Mahigpit na kaalyado ng US ang bansang Iraq noong dekada 80. Katunayan, sa pamamagitan ng ganap na relasyong diplomatiko, sinusuhayan ng gubyernong US ang rehimeng Saddam ng suportang pinansyal, pautang sa agrikultura, ayudang militar kabilang na ang teknolohiyang pandigma at pampulitikang suporta.

Noong Agosto 1990, matapos na lusubin ng Iraq ang kalapitbansang Kuwait dahil sa di-malutas na alitan sa hangganan (border disputes), pinangunahan ng US ang multinasyonal na pwersang militar upang diumano'y palayain ang Kuwait at itaboy ang mapanakop na pwersang Iraqi. Ikinagulat ng marami ang pagbaliktad ng posisyon ng US at ang pangunguna nito sa digma upang palayain ang Kuwait sa ilegal na pananakop ng Iraq dito. Bago ito, sinakop din Morocco ang Kanlurang Sahara, ng Turkey ang Hilagang Cyprus, ng Israel ang lupain ng mga Palestino subalit hindi nakialam ang Us sa mga gerang ito.

Noong Agosto 6, 1990, ilang araw matapos sakupin ang Kuwait, nagdeklara ng kumprehensibong parusa (sanction) ang United Nations sa Iraq. Sinamantala ito ng noo'y administrasyon ni George H.W. Bush ng US (ama ng kasalukuyang US president George W. Bush) na ilunsad ang Operation Desert Shield na tumungo sa pagsasagawa ng multinasyonal na digma (Operation Desert Storm) laban sa Iraq. Matapos ang Gera sa Gulpo (Gulf War), itinulak ng US ang pananatili ng mga parusang ito mula sa pagdidisarma sa kakayahang militar ng Iraq hanggang sa pagbabawal sa pagpasok ng mga kalakal sa Iraq. Ipinagbawal din ang pag-eksport ng langis ng Iraq maliban na lamang sa limitadong bolyum kapalit ng pagkain sa ilalim ng Oil for Food program na pinangasiwaan ng United Nations.

Lumaganap ang gutom at kahirapan sa bansang Iraq na sinasabing umatras ng ilang ulit ang antas ng ekonomya dahil sa epekto ng pagkatalo sa digmaan. Bukod dito, hindi tinantanan ng US at Britanya ang pambobomba sa Iraq sa ilalim ng itinakda nitong "no fly zones" sa Iraq. Hindi mabilang ang buhay at ariariang pininsala ng walang pinipiling pagbabagsak ng bomba ng mga imperyalistang bansa. Noong 1999 halimbawa, ang tanging taon na may

lumitaw na datos, inulat ng United Nations na nakapagdokumento ito ng 144 sibilyan na namatay sanhi ng pambobomba ng US.

Matapos ang teroristang atake sa World Trade Center at Pentagon noong 2001, idineklara ng US ang tinatawag nitong “war on terrorism” at “war without borders”. Sinamantala ng imperyalistang gubyerno ni Bush ang pagdadalamhati ng buong mundo upang ilunsad ang gera sa mga sinasabi nitong mga “pugad ng terorismo at banta sa pandaigdigang kapayapaan”.

Ginamit ng imperyalismo ang masmidya upang magsagawa ng opensibang propaganda at kinasangkapan ang mga ahente sa mga pandaigdigang ahensya tulad ng UN upang kasangkapanin ang mga ito sa militaristang adyenda.

Noong Nobyembre 2002, pinagtibay ng UN Security Council ang Resolution No. 1441 na nagtatakda sa Iraq na ipakita ang resulta ng programa nito sa pagdisarma batay sa itinatakda ng UN sanctions. Inuutusan din nito ang gubyernong Saddam na isurender ang lahat ng mga mapangwasak na armas (weapons of mass destruction o WMD). Noong Disyembre, nagsumite ang Iraq ng ulat na may 12,000 pahina hinggil sa kanilang katayuang militar. Itinanggi ng Iraq na mayrooon silang pinauunlad na weapons of mass destruction katulad ng akusasyon ng US.

Hindi ito pinansin ng US na nagdeklarang lulusubin nila ang Iraq upang disarmahan ito at palitan ang teroristang rehimen ni Saddam Hussein ng bagong administrasyon. Ayon sa gubyernong Bush, handa nilang lusubin ang Iraq may pahintulot man o wala ang United Nations. Nito ngang unang linggo ng Enero 2003, nagsimula na ang deployment ng 150,000 pwersang militar ng US at United Kingdom (UK) sa Gulpo.

Daanlibong mamamayan sa iba’t ibang panig ng daigdig ang nagprotesta sa aroganteng pahayag ng imperyalistang gubyerno. Sa loob mismo ng bansang US at UK, mayorya sa mamamayang Amerikano at British ay nagsabing tutol sila sa gera sa Iraq kung ito’y wala sa balangkas at proseso ng United Nations.

Nagsugo ang United Nations Security Council ng weapons inspection team upang imbestigahan ang mga akusasyon ng US na may itinatagong

weapons of mass destruction ang Iraq. Subalit bago pa man matapos ang imbestigasyon, nagpahayag na ang US ng ultimatum sa Iraq at nagharap sa United Nations ng diumano'y mga ebidensya ng pagpapaunlad at pagmamanupaktura ng Iraq ng mga mapamuksa at mapangwasak na armas. Subalit ang mga ebidensyang iniharap ni US Secretary Colin Powell noong Pebrero 6, 2003 ay pinasinungalingan ng mismong UN Inspection Team nang mag-ulat ito sa UN Security Council nitong Pebrero 14, 2003. Ayon sa upisyal na imbestigasyon, wala silang natagpuang ebidensya ng pagpapaunlad ng WMD na isinasagawa ng Iraq.

Subalit hindi natinag ang makinaryang pandigma ng US at mga kaalyado nito. Patuloy nitong inihahanda at ikinakalat ang pwersang militar sa paligid ng bansang Iraq na handang sumalakay anumang oras.

2 Ano ang sinasabing dahilan ng US sa paggera sa Iraq?

Gigil na gigil ang gubyernong Bush sa Iraq. Higit nitong pinoproblema ang rehimeng Saddam kaysa sa napakatinding krisis pangkabuhayan na dinaranas ngayon ng mamamayang Amerikano.

Upang makuha ang suporta ng mamamayan at ng buong mundo, itinuturo nito ang Iraq na nagkakanlong sa mga teroristang grupo laluna sa grupong Al Qaeda na pinamumunuan ni Osama bin Laden na pinaghihinalaang utak ng pambobomba sa World Trade Center at Pentagon. Matapos mabigong mahanap sa Afghanistan kahit na halos pulbusin ito ng bomba, pilit na naghahanap ng koneksyon ang imperyalistang Amerikano sa Iraq kaugnay sa mga bombahang naganap sa US.

Subalit dahil hindi makahanap ng kongkreto at matibay na ebidensya sa koneksyon ni Saddam kay Osama bin Laden, nagbago ang propaganda ng US. Sa anibersaryo ng pagbomba sa World Trade Center noong Setymbre 2002, ang war on terrorism ng gubyernong US ay naging gera laban sa weapons of mass destruction. Tinukoy nito ang mga bansang Iraq, Iran at North Korea na bumubuo sa sa Axis of Evil at mga pangunahing banta sa

pandaigdigang kapayapaan dahil sa taglay nitong mga weapons of mass destruction. Nakalimutang banggitin ng US ang iba pang bansang kumpirmadong may mga ganitong tipo ng armas tulad ng mga kaalyado nitong Israel, Pakistan at iba pa.

Nitong nakaraang taon, pinalutang din ng gubyernong Bush ng US ang patakaran ng "preemptive strike" o pag-atake sa mga kaaway nito na posibleng gumamit laban sa US ng mga weapons of mass destruction tulad ng armas na nukleyar, bayolohikal, kemikal at radiolohikal. Ibig sabihin, batay sa patakarang ito, uunahan na ng US ang mga itinuturing nitong kaaway sa simpleng hinala lamang.

Sa ganitong linya pilit na binibigyang-katwiran ng imperyalismong US ang kanilang pag-atake sa Iraq. Ayon kay George W. Bush, ang gera sa Iraq ay nararapat dahil ito ay pugad ng terorismo, lumalabag sa karapatang pantao ng mamamayang Iraqi at banta sa kapayapaan ng mundo dahil sa minamanupaktura nitong weapons of mass destruction.

3 Makatwiran ba at may batayan ang gera ng US sa Iraq?

Kung pagbabatayan ang milyonmilyong mamamayang nagpoprotesta laban dito at ang higit na mayoryang mga bansang tutol sa gera sa Iraq, walang naniniwala sa US maliban sa kanilang sarili at iilang kaalyado at papet na gubyerno. Paano naman kasi'y maliwanag pa sa sikat ng araw na walang batayan at hindi maktwiran ang gera ng US at UK sa Iraq.

Una, wala itong legal na batayan. Itinatakda ng charter ng United Nations (articles 14 at 15), na tanging ang Security Council lamang ng UN ang may karapatang magtakda ng resolusyong militar sa mga alitan sa pagitan ng mga kasaping bansa. Walang bansa, kasapi man ng Security Council o ordinaryong myembro ang UN ang maaaring "magparusa" sa mga lumalabag sa mga resolusyon ng UN nang labas sa mga proseso at balangkas ng organisasyon ng nagkakaisang bansa. Kapag nangyari ito (katulad nang gustong mangyari ng US), hindi na mapipigilan pa ang mga

bansang magsagawa din ng mga preemptive strikes at agresyon sa mga kalaban nitong bansa. Magsisindi ito ng mga digmaan at mawawalan ng kabuluhan ang pag-iral ng United Nations.

Kung tutuusin, ang atribidang tindig ngayon ng US para ipatupad ang resolusyon ng UN ay kabaliktaran naman sa gawi nitong labagin ang mga kasunduan sa UN tulad ng pagkontrol sa paglaganap ng armas nukleyar at bayolohikal, pagtutol sa pagbubuo ng International Criminal Court, di-pagpirma sa tratadong nagbabawal sa paggamit ng land mines at iba pa. Ayon nga kay dating US District Attorney Ramsey Clark, tinutulan ng US ang halos lahat ng mga kasunduan sa UN na nagsisikap na kontrolin at limitahan ang digmaan, protektahan ang kapaligiran at kalusugan.

Ayon pa kay Clark, wala siyang makita ni katiting na legal na batayan sa pakikidigma ng US sa Iraq na tinawag niyang agresyon batay sa pakahulugan ng United Nations General Assembly Resolution on the Definition of Aggression noong Disyembre 1974.

Ikalawa, walang maipakitang matibay na ebidensya ang US sa akusasyon nitong pugad ng Al Qaeda ang Iraq. Pilit nitong iniuugnay ang grupo ni Osama bin Laden na marami ang nagsasabing hindi kapanipaniwala. Ang tutuo'y itinuturing ni bin Laden si Saddam na "infidel" o hindi karapatdapat na tawaging Muslim. May napaulat pa noong nagboluntaryo si Osama bin Laden na pamunuan ang 100,000 tropa upang labanan si Saddam sa gitna ng pagsakop noon sa Kuwait. Matapos ang bombahan sa US noong Setyembre 11, pilit na hinahanapan ng koneksyon ang mga terorista sa Iraq, subalit sa imbestigasyon mismo ng ahensya ng US, walang Iraqi sa mga hijackers at maging sa pamunuan ng Al Qaeda. Bagamat hindi ito nangangahulugan na wala ngang koneksyon sa iba pang teroristang grupo ang rehimeng Saddam.

Ikatlo, walang ebidensyang nagpapatunay sa diumano'y pagpapaunlad ng Iraq ng weapons of mass destruction. Ito ang mensahe ng ulat nina UN Chief weapons inspector Hans Blix at Mohammed ElBaradei ng International Atomic Energy Agency (IAEA) na iniharap sa UN Security Council nitong Pebrero 14. Bago pa man, naglabas ng ulat ang UN team, marami na ang nagsasabing magiging mahirap para sa Iraq na magpaunlad ng mga makabagong armas-pandigma dahil sa bagsak na

ekonomya at wasak na imprastraktura nito mula sa tuloy-tuloy na pambobomba ng mga eroplanong pandigma ng US at UK.

Sa kabilang banda, lantaran namang inaamin ng North Korea ang kanilang armas-nukleyar at hindi rin naman kaila sa karamihan ang kakayahang-nukleyar ng ilang mga bansang kaalyado ng US tulad ng Israel, Pakistan at iba pa. Gayunman, ang Iraq ang pangunahing pinag-iinitan ng US sa isyu ng weapons of mass destruction sa kabila ng tahasan nitong pagtanggi dito.

Kung tutuusin, ang US ang pangunahing bansang nagtataglay ng pinakamarami, pinakamalalakas at pinakamapamuksang armas sa arsenal nito. Kontrolado ng US ang 53% ng kabuuang nuclear stockpile sa buong daigdig. Nangunguna rin ito sa pananaliksik at pagpapaunlad ng mga armas-kemikal tulad ng depleted uranium, VX gas, agent orange, agent green, sarin, tabun, mustard gas at iba pa, ganundin ng mga armas-bayolohikal tulad ng anthrax, aflatoxin at botulinum toxin na pawang mabagsik na lason.

Subalit ang mga armas na ito ay hindi lamang nakaimbak kundi aktibong ginagamit ng US sa mga digmang agresyon nito. Ginamit ng US ang Agent Orange sa gera nito sa Vietnam na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa ring pumipinsala sa buhay at lupain ng mga Vietnamese. Sa Gulf War ay pinakawalan din ng US ang depleted uranium na kumitil sa libong buhay hindi lamang ng mamamayang Iraqi kundi maging sa mga Amerikanong sundalo. At sino ang makalilimot sa mga mapamuksang bombang ibinagsak ng US sa Hiroshima at Nagasaki sa Japan noong 1945 na pumatay sa mahigit 200,000 mamamayang Hapon bukod pa sa kontaminasyong hanggang ngayon ay iniinda pa ng mamamayan sa mga syudad na nabanggit.

Ang siste pa, kung may ganito mang armas ang Iraq, nagmula din naman ito sa US. Noong may ganap na relasyong diplomatiko pa sa pagitan nila, ang programang militar ng Iraq ay todotodong sinuportahan ng US. Halimbawa, nabunyag na ang isang kumpanyang Amerikano, ang American Type Culture Collection na lisensyado ng US Commerce Department ang nagkaloob sa Iraq ng seed stock para sa pagpapaunlad ng armas-bayolohikal tulad ng anthrax, botulinum, e-coli at iba pa. Nalantad din sa publiko ang pagkakasangkot ng 24 na korporasyon ng US, 55 subsidaryo ng mga korporasyong dayuhan at ilang ahensya ng gubyenong US sa pagbibigay ng

materyal, pagsasanay at iba pang ayuda sa chemical, biological, missile at nuclear weapons program ng Iraq. Kabilang sa mga tinukoy na korporasyon ang Honeywell, Rockwell, Hewlett Packard, Dupont, Eastman Kodak, Bechtel, at ang Departments of Energy, Commerce, Defense and Agriculture ng gubyernong US.

Ikaapat, walang kagyat na banta ang kakayahang militar ng Iraq lalo pa't wasak ang ekonomya nito mula sa pagkatalo sa Gulf War at 12 taon ng tuloytuloy na pambobomba ng US at UK. Ayon sa UN weapons inspection team, ang sinasabing lakas-militar ng Iraq ay 80% nawasak sa proseso ng Operation Desert Storm noong 1991. Libu-libong mga istrukturang militar, sandata, at kagamitan ang ginawang abo ng mga bomba, missile at iba pang high tech na armas ng US. Tinatayang umabot sa 60,000 hanggang 200,000 ang bilang ng sundalong Iraqi na namatay kung kaya ang hukbong militar nito ay lumiit nang 1/3 na lamang mula sa dati nitong pwersa noong 1990.

Subalit higit na malupit dito ang economic embargo na ipinataw ng UN sa Iraq sa sulsol ng US. Milyun-milyong Iraqi ang umaasa na lamang ngayon sa mga ipinamamahaging pagkain bunga ng napakatinding kahirapan. Kabilang sa mga itinakdang economic sanction sa Iraq ang di-pagpapahintulot sa eksportasyon ng langis na gulugod ng ekonomya ng Iraq at ang pagharang sa importasyon ng mga kalakal kahit na pagkain at gamot. Itinulak ng US ang mga economic sanctions na ito ng United Nations upang diumano'y mapresyur ang Iraq na tuluyang lisanin ang Kuwait at magdisarma ayon sa itinatakda ng United Nations.

Subalit higit pa sa gubyerno ni Saddam, ang mamamayang Iraqi ang talagang nagdusa sa mga economic sanctions na ito ng UN. Sinasabing mas malaki pa sa bilang ng mga namatay sa aktwal na gera sa Gulpo ang namatay bunga ng gutom, sakit at kahirapang iniluwal ng pagbagsak ng ekonomya ng Iraq.

Umabot sa 2/3 ang ibinaba ng Gross Domestic Product (GDP) ng Iraq dahil sa halos tigil na produksyon at wasak na imprastraktura nito tulad ng kuryente, tubig at enerhiya. Malaganap ang kawalang trabaho. Napakataas ng tantos sa implasyon at sumadsad ang tunay na halaga ng salaping Iraq mula sa $3 – 1 dinar na naging $1 – 23,000 dinar nitong 2002. Bumagsak

ang per capita income mula $3,416 noong 1984 na $450 na lamang noong 1995. Sa ilalim ng Oil for Food Program ng UN, kinontrol nito ang kita mula sa limitadong pagbibenta ng langis ng Iraq at ipinambabayad sa Kuwaiti royal family, Israel, US, mga kumpanya ng langis at iba pang "biktima" ng gera ng Iraq sa Kuwait.

Tinatayang 5 milyong mamayang Iraqi na ang lumikas laluna ang mga propesyonal at panggitnang uri upang maghanap ng kabuhayan sa ibang bansa at takasan ang kahirapan sa Iraq. Ayon sa UNICEF, aabot sa 5,000 batang may edad na 5 taong gulang pababa ang namamatay kada buwan dahil sa economic sanctions sa Iraq. Mahigit na sa 1.8 milyong mamamayan na ang namatay dahil sa malulubhang karamdaman na hindi lubos na mapagamot dahil sa kakulangan ng mga medisinang kalakhan ay ini-import pa. Ang tutuo'y hindi lamang kakayahang militar ng Iraq ang nawasak ng US kundi higit pa ang kabuhayan ng mamamayang Iraqi at ang kinabukasan ng susunod pa nilang salinlahi.

Ikalima, ang gerang agresyon ng US sa Iraq ay hindi lamang magdudulot ng malaking pinsala at malawakang epekto sa mamamayang Iraqi kundi sa buong mundo at posibleng magmitsa ng digmaang pandaigdig. Hindi alintana ng US ang lagim na idudulot ng digmaan sa mga inosenteng sibilyan tulad ng dinanas ng mga mamamayan ng mga bansang pinaglunsaran ng gerang agresyon ng US.

Ayon sa MedaAct na miyembro ng International Physicians for the Prevention of Nuclear War, aabot sa 4 na milyong mamamayan ang agad na mamamatay bukod pa sa 3 milyong karamihan ay mga batang mamamatay sa gutom kapag inatake ng armas-nukleyar ang Iraq. Kung hindi man gamitan ng nukleyar, aabot pa rin sa kalahating milyong mamamayan ang tuwiran at di-tuwirang kaswalti ng digma. Subalit mas matindi pa ang pangmatagalang epekto ng gera sa buhay, kabuhayan, kalusugan at kalupaan ng bansang Iraq maraming taon man ang lumipas matapos ang digma.

Higit na nagiging imposible ang kapayapaan kahit na pa magtagumpay ang gerang agresyon ng US. Ang iluluwal nito ay ibayo pang kahirapan,

kagutuman at kaguluhan na lalong magpapabagsak sa kabuhayan ng mamamayan at magbubunsod ng mga krimen at gerang sibil.

Hindi rin nalalayo ang posibilidad nang paglaganap ng digma sa iba pang bansa sa Gitnang Silangan ayon na rin mismo sa Arab League of Nations. Lalong papaypayan ng gerang agresyon ng US sa Iraq ang lumalakas na pakikibakang anti-US at anti-Israel ng mga Arabong bansa at grupo. Mistulang mitsa ng isang malakas na bomba ang gerang agresyon na maaaring magpasabog sa bulkan ng paghihimagsik sa Gitnang Silangan. Malamang na gamitin ang pagkakataong ito ng mga teroristang grupo at gumamit ng mga teroristang pamamaraan upang maghiganti na lalo pang magbubuwis ng buhay ng maraming inosenteng mamamayan.

Magdudulot ng napakalaking epekto sa buong daigdig ang gerang ito na ang kagyat na iluluwal ay ang pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo. Ngayon pa lang ay tinatayang maaaring umabot sa $75 hanggang $100 kada bariles ang presyo ng krudong langis. Magdodomino ito sa ibayo pang pagtaas ng mga produktong petrolyo at sasamantalahin ng mga kartel at monopolyo upang lalo pang magkamal ng dambuhalang tubo habang pinipiga ang nalalabi pang kita at rekurso ng mga mahihirap na bansa. Lalo pang titindi ng krisis ng buong pandaigdigang ekonomya na ang pangunahing magdurusa ay ang mga ordinaryong mamamayan lalo na sa mga bansa sa ikatlong daigdig.

Babaguhin ng gerang ito ang pampulitikang mapa ng Gitnang Silangan. Pero higit pa dito, ang unilateral na gera ng US sa Iraq ay magbabago sa reglamento ng modernong sibilisasyon. Mawawalan ng saysay ang mga batas internasyonal at tuluyan nang maghahari sa buong daigdig ang imperyalismo na sa unang banda, ay siya mismong gustong mangyari ng imperyalismong US.

4 Ano ang mga kalagayang nagtulak sa US na maging hayagang militarista?

Kung tutuusin, nakamit na ng gubyernong Bush ang una nitong layunin sa gerang agresyon nito sa Iraq. Nagawa nitong ilihis ang atensyon ng buong

daigdig sa napakatinding krisis na bumabagabag ngayon sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Nasa malubhang krisis ang ekonomya ng US at ng mga kapitalistang bansa.

Ilang panahon na ngayong nasa resesyon ang ekonomya ng US. Itinuturing ng marami na ang kasalukuyang krisis ng US ang pinakamatindi nitong krisis na halos kapantay ng Malaking Depresyon (Great Depression) noong 1930. Ang tutuo'y ang pang-ekonomyang krisis na ito ang nagluwal ng diumano'y "war on terrorism" ng gubyernong Bush.

Batbat ng suliranin ang ekonomya ng US mula sa napakatinding kawalan ng hanapbuhay na umaabot ngayon sa 6% unemployment rate (pinakamataas ito mula 1994). Ang kawalan ng trabaho ay lumilikha ng desperasyon at alyenasyon sa maraming propesyonal at manggagawang Amerikano. Sa ilang kaso'y pinagbubuntunan din ng sisi ang mga migrante sa US na diumano'y umaagaw sa mga trabahao ng lokal na mamamayan.

Tumaas din ang tantos ng kahirapan sa US ng halos 12%. Sa populasyon ng US na 284 milyon, tinatayang hihigit sa 34 milyong Amerikano ang itinuturing na naghihirap. Noong nakaraang taon, umabot sa 19% ng mamamayan ang humingi ng tulong sa gubyerno para sa panandaliang pabahay (temporary shelters) na pinakamataas na bilang sa loob ng 12 taon. Malaganap ang diskontento at kaguluhan sa hanay ng mamamayan at manggagawang Amerikano.

Bagsak ang stock market. Sunudsunod ang mga iskandalo ng pandaraya ng mga kumpanya upang pataasin ang halaga ng kanilang mga sapi tulad ng ginawa sa Enron, WorldCom at pagkalugi ng mga kumpanya. Pumutok na parang bula ang ipinagmamalaking "new economy" na binubuo ng mga industriyang high tech at information technology tulad ng computer software production. Direktang resulta ito ng labis na pamumuhunan at sobrang kapasidad sa produksyon na nagluwal ng krisis sa sobrang produksyon.

Mula sa naglahong bula ng new economy ng US noong Abril 2001, hindi na ito nakarekober pa at katunaya'y lalo pang lumalala ang krisis na ibayo pang nag-aalis sa kumpyansa ng mga konsumer at imbestor sa ekonomya ng US. Matatandaang bago ang krisis, bumaha ng pamumuhunan sa ekonomya ng US sa anyo ng bono at sapi (bonds and stocks) na nagtulak ng husto sa

sobrang produksyon ng mga produkto at serbisyong high-tech. Mula dito, tuloy-tuloy na bumulusok ang ekonomya ng US

Sa harap ng napakatinding krisis sa ekonomya, di-iilan ang tumuligsa sa gubyernong Bush kung bakit sa halip na asikasuhin ang mga problemang pang-ekonomya ay inuubos nito ang panahon at rekurso ng bansa sa pagdurog sa Iraq. Subalit ang tutuo'y ito ang solusyon ng gubyernong Bush sa krisis ng ekonomya ng US. Ang gera ang tuwina'y pinakamabisang panlansi ng imperyalismo upang ilihis ang atensyon ng taumbayan sa krisis pang-ekonomya at epektibong paraan din upang suhayan ang bumabagsak na ekonomya ng US.

Subalit higit pa rito, inaasahan ng gubyernong Bush na ang gera ang magpapasikad sa ekonomya ng US dahil malaking bahagi ang industriyang pandigma sa ekonomya ng US. Kapag may gera, masigla ang industriyang pandigma na alam nitong superyor sa anupamang bansa at maipagtatagumpay ang mga gerang agresyon nito tungo sa pagtutulak ng pasista at militaristang paghahari at pagkontrol nito sa mga rekurso ng mga mahihinang bansa at pandaigdigang ekonomya.

Tuso nitong ginagamit ang teroristang atake sa World Trade Center at Pentagon upang ilunsad ang "war on terrorism" na naging "war on weapons of mass destruction'. Subalit ang tutuo'y pakana ito upang magkaroon ng lisensyang ilunsad ang mga gerang agresyon, mangamkam ng mga rekurso, magkamal ng dambuhalang tubo at itakda ang makapangyarihang paghahari sa pandaigdigang saklaw.

5 Bakit nasa krisis ang mga imperyalistang bansa?

Hindi lamang ang ekonomya ng US ang nasa krisis. Ganito rin ang larawan ng ekonomya ng Japan, Germany at iba pang imperyalistang kapangyarihan.

Nauna pa sa US, napakatindi ng krisis na dumapo sa mga imperyalistang bansa sa Europa at maging sa Japan na makikita sa patuloy na pagbagsak

ng gross domestic product (GDP) ng mga ekonomya nito at nagreresulta sa malawakang kawalan ng hanapbuhay at pagbagsak ng kabuhayan ng mga karaniwang mamamayan.

Ang pinakahuling krisis na ito ay dulot ng tinatawag na “globalisasyon” na ang tutuo’y larawan ng imperyalismo sa pinakamatindi nitong krisis. Pinalaganap ang terminong ito bilang bahagi ng opensiba ng imperyalismo upang patuloy na pagtakpan ang likas na krisis ng sobrang produksyon na patuloy na bumabayo nang mas madalas sa pandaigdigang kapitalistang sistema.

Bago ang dekada 80, unti-unting inilatag ang diumano’y pagbabago ng istratehiyang pang-ekonomya ng imperyalismo mula sa Keynesianismo tungo sa neoliberalismo. Subalit itong huli (neoliberalismo) ay mas mabangis, mapagsamantala at higit na desperadong hakbang ng imperyalismo upang mapanatili ang sistema at maapula ang krisis sa sobrang produksyon.

“Malayang pamilihan” ang naging panawagan ng imperyalismo. Pinauso nito ang globalisasyon na diumano’y rurok ng kasasayan ng sangkatauhan. Pandaigdigang kasaganahan na makakamit sa pamamagitan ng pinag-isang pandaigdigang ekonomya na walang hangganan at di nasasagkaan ng mga restriksyon. Sa globalisasyon, ang malayang kalakalan ng mga produkto at serbisyo ang naging preskripsyon sa mga ekonomya upang umunlad. Unti-unting tinanggalan ng kapangyarihang pang-ekonomya ang mga papet na gubyerno at itinuring ang mga patakarang monetaryo (monetary policy) na pangunahing instrumento sa pangangasiwa sa mga ekonomya.

Mas eksaktong gamitin ang salitang imperyalistang globalisasyon para tukuyin ang opensibang ito ng imperyalismo. Higit pa sa pandarambong sa yaman ng mga bansa at pagsasamantala sa mga manggagawa at mamamayan, ang bago lamang sa “globalisasyon” ay ang mas malawak at mas matinding anyo ng pagsasamantala at paghuthot ng dambuhalang tubo. Sa pamamagitan ng panggigipit, minamaniobra ng imperyalismo na bawiin kahit na ang mga nakamit na tagumpay sa pakikibaka ng mga manggagawa at mamamayan.

Ang “globalisasyon” ang kanilang tugon sa napakatinding krisis na nilikha ng overproduction, krisis sa pinansya at pautang na iniresulta ng lalong

tumitinding kumpetisyon at akumulasyon ng mga malalaking monopolyo kapitalista. Ang sobrang produksyon at kapital ay lalo pang pinalala ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at kagamitan sa produksyon na konsentrado sa kamay ng iilang monopolyo. Mabilis na nakokonsentra ang pamumuhunan sa matataas na teknolohiya na pumapatay kaysa lumilikha ng mga trabaho. Ang resultang kawalan ng trabaho at pagliit ng kinikita ng mamamayan ay nagpapakitid sa pamilihang pangkonsumo.

Ang resulta nito ay mas marahas na kumpetisyon sa pagitan ng mga dambuhalang monopolyo kapitalista sa pamamagitan ng kanilang mga gubyerno na kontrolado at ginagamit na instrumento para sa kanilang interes. Sa pagliit ng pamilihan at pagdagsa ng labis na produkto at kapital, ibayong marahas ang kumpetisyon sa pagitan nila habang patuloy ang paghahanap ng mga kapitalista ng iba't ibang paraan upang magkamal ng mas malaking tubo.

Patuloy sa paghahanap at pag-aagawan ang mga imperyalistang bansa ng mga bagong pamilihan para mapaglagakan ng sobrang produkto at mapagkukunan ng murang hilaw na materyales kabilang na ang murang paggawa para sa mas matipid na gastos sa produksyon. Ang panawagan para sa "malayang kalakalan" at sa kabilang banda ay pagtatayo ng mga pangrehiyong bloke sa kalakalan (regional trade blocks) ay mga manipestasyon ng pag-aagawan ng mga imperyalistang bansa sa mga pamilihan.

Ginagamit ang sobrang kapital ng imperyalismo sa anyo ng pautang at "ayuda" sa mga mahihirap at kliyenteng bansa kapalit ng mga kondisyong paborable sa negosyo tulad ng mga libreng buwis, malayang kalakalan, liberal na pagtrato sa dayuhang mamumuhunan at iba pa. Samantala patuloy naman nitong pinapalaki ang kapital sa pagpapaliit hindi lamang sa sahod ng mga manggagawa kundi maging sa mga napagtagumpayang benepisyo ng mamamayan at serbisyong panlipunan.

Kasama sa globalisasyon ang pagbabago sa labor standards o sa organisasyon sa produksyon na bahagi ng patuloy na paghahanap ng matitipid sa produksyon. Lagi, ang paggawa ang unang tinitipid. Kaya naman, sa globalisasyon ng paggawa, maririnig ang mga salitang down-sizing, rightsizing, rationalization, multiskilling, contractualization at iba pang katulad

na termino na ang esensya para sa manggagawa ay: malawakang tanggalan, pagpapababa ng sahod at pinapasahod.

Walang gaanong trabahong nalilikha sa globalisasyon. Karamihan kasi ng kapital ay napupunta sa negosyo ng ispekulasyon o ang paggamit ng kapital sa hindi produktibong pamumuhunan tulad ng pagbili ng mga stocks, bonds at iba pang financial transactions na hindi naman lumilikha ng panibagong produkto at serbisyo. Halimbawa nito ang mga transaksyong nagaganap sa stock market at sa money market na mistulang malaking pasugalan. Sa mga merkadong ito, ang pinagkakakitaan ay ang ispekulasyon o pagtaya sa pagtaas at pagbaba ng halaga ng mga stocks o ng mga salapi.

Ang iba namang kapital ay napupunta sa pagpapaunlad at produksyon ng gamit at armas-pandigma upang supilin at agad na igupo ang sinumang banta o kaya'y sumasagka sa interes ng mga imperyalistang bansa. Bukod dito, napakalaking negosyo ang pagbibenta ng armas sa harap ng mga alitan at sigalot sa daigdig na kalkhan ay dahil sa sulsol ng mga imperyalistang bansa.

Ang mga hakbanging ito ay nakatuon para sa lalo pang pagpapalaki ng tubo ng mga kapitalistang monopolisado na ang ang mga pangunahing industriya sa buong daigdig at konsentrado na sa mga ito ang malaking bahagi ng pandaigdigang kapital. Kung susukatin nga raw ang kinikita ng ilan sa mga malalaking korporasyong transnasyonal, ibayong malaki pa ito kahit pagsamasamahin ang pambansang kita ng ilang bansa.

Layon ng imperyalistang globalisasyon ang pwersahang integrasyon ng mga ekonomya ng mga bansa upang pagharian ito. Tatlong susing patakaran ang ipinatutupad sa pwersahang pagrereistruktura ng mga ekonomya para sa proseso ng globalisasyon. Ito ay ang patakaran ng pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon sa pinansya at kalakalan.

Ang pribatisasyon ay ang paglilipat ng mga pag-aari mula sa pag-aaring pampubliko/pang-estado sa ngalan ng mamamayan patungo sa pribadong sektor. Ito ay pagbibenta o pagpapaupa/renta ng mga ari-arian (assets) ng gubyerno. Sa esensya, ito ay paglipat ng kontrol at operasyon ng ilang "tradisyonal at obligasyong" serbisyo, tungkulin at gampanin ng gubyerno sa

pribadong sektor. Sa gayon, nag-iiba ang magiging layon at sukatan ng pagpapatakbo ng mga ito: negosyo sa halip na serbisyo.

Tumutukoy naman ang patakarang deregulasyon sa pagbabawas ng papel ng estado at interbensyon ng gubyerno sa negosyo. Ilan sa mga halimbawa ng patakarang ito ay ang pag-alis ng mga subsidyo at suporta sa mga protektadong produkto, pagtanggal sa price control sa mga batayang produkto, pagbawas ng mga direct taxes o mga buwis sa tubo at pagluwag hanggang pag-alis ng mga regulasyon sa pagnenegosyo tulad ng labor standards, mga business permits at iba pang reglamento.

Ang liberalisasyon naman sa pinansya at kalakalan ay ang pag-aalis ng mga balakid o restriksyon tulad ng taripa, buwis, at kontrol sa malayang paglabas-masok ng mga kalakal at limitasyon sa pagpasok ng dayuhang kapital at paglabas ng mga tubo sa mga bansa. Nilalayon ng liberalisasyon na “palayain” ang pamilihan at alisin ang mga hangganan ng mga bansa at ng mga ekonomya nito na diumano’y sumasakal at pumipigil sa pag-ikot ng kalakal at kapital na nagpapabagal sa pagsigla ng ekonomya.

Sa pwersahang integrasyon ng ekonomya ng mga bansa, ginagamit ng mga imperyalista ang impluwensyang pulitika-militar, kultura at ekonomya sa pagpapalaganap ng makabagong liberalismo. Ang mga susing patakaran ng globalisasyon ay naipatutupad sa pamamagitan ng mga maniobra at panghihimasok ng mga pandaigdigang ahensya at instrumento ng mga monopolyo kapitalista. Pangunahin sa mga ito ang papel na ginagampanan ng International Monetary Fund, World Bank, at ang GATT-World Trade Organization.

Lalo pang matinding kahirapan at kaapihan ang dinanas ng mamamayan sa implementasyon ng mga patakarang ito. Ibayong lumaki ang agwat ng mahihirap at mayayaman. Tumindi ang ang bilang ng mga walang trabaho na tinatayang aabot sa 160 milyong manggagawa nitong 2000. Ayon pa sa mga pananaliksik, may mahigit 3 bilyong mamamayan o 1/3 ng pandaigdigang lakas paggawa ang wala o kulang sa trabaho at kumikita ng kakarapot lamang na di-sapat upang tugunan ang pangangailangan ng kanilang mga pamilya. May tinatayang 1.2 bilyong mamamayan ang kumikita lamang ng mababa sa P50 o $1 kada araw.

Ang “globalisasyong” ipinanganganak ng krisis ay nagluwal nang mas matindi pang krisis. Sa pagpasok ng bagong milenyo, ang anumang pretensyon ng “globalisasyon” ay nahubaran ng sunodsunod na pagsambulat ng krisis sa iba’t ibang panig ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Pumutok ang krisis pampinansya sa Mexico noong 1995, sa Silangang Asya noong 1997, sa Latin Amerika at Silangang Europa noong 1998. Nitong nakaraang taon, tuluyan ang nalantad ang matagal nang pinagtatakpang krisis mismo sa bakuran ng mga imperyalistang bansa.

Ang pagsabog ng techno-bubble ng US ang naghudyat sa pagpasok ng pandaigdigang kapitalismo sa resesyon. Bilang sentro ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ang pang-ekonomyang resesyon sa US ay nagpapakita ng tindi ng krisis na iniluwal ng imperyalistang globalisasyon.

Hindi tulad ng mga nakaraang siklo ng resesyon ng kapitalismo, ang kasalukuyang krisis ay isang krisis na wala pang katulad at halos katulad ng krisis na inabot ng kapitalismo noong Matinding Depresyon ng 1930s at nagresulta sa digmaang pandaigdig. Halos sabay-sabay na inabot ng matinding krisis ang mga imperyalistang bansa laluna ang US, Germany at Japan. Simula nang pagpapalit-milenyo, patuloy na dumadausdos ang mga ekonomya nito nang walang palatandaan ng pag-ahon sa kagyat na hinaharap. Nagbagsakan ang mga sentro ng pandaigdigang sistema ng pananalapi tulad ng stock markets, nagkandalugi at bangkarote ang mga malalaking monopolyo na ang epekto ay malaganap na kawalan ng hanapbuhay, matinding dislokasyon sa kabuhayan at sigalot sa lipunan.

Hindi maitatatwa ang iniluwal ng globalisasyon: ibayong kaguluhan at disintegrasyon ng kaayusang panlipunan, lalo pang paglaki sa agwat ng di-pagkakapantaypantay, dislokasyon at kawalan ng lupa at tirahan, at lumalaking pangamba sa hinaharap ng buong daigdig. Iniluwal ng krisis ang materyal na batayan upang lumaganap ang rasismo at xenophobia o ang pagkamuhi sa mga dayuhan na makikita sa anti-migranteng sentimyentong lumalaganap ngayon at pinapaypayan ng mga pasistang gubyerno sa mga industriyalisadong lipunan.

Sa kabilang banda, ang kasalukuyang krisis ay nagpahina sa propaganda ng neoliberalismo at bumasag sa ilusyon ng kasaganahan sa ilalim ng

globalisasyon. Sa patuloy na pagtindi ng krisis, lalong bumabaling sa pasista at militaristang tunguhin ang mga imperyalistang gubyerno hindi lamang dahil sa malaking tubong malilikha sa industriya ng digmaan kundi sa halaga ng retorika ng digmaan upang patuloy na makuha ang kumpyansa ng negosyo at takot ng buong daigdig.

6 Ano kung gayon ang di-gaanong lihim na agenda ng US sa Iraq?

Hindi katakatakang sa kabila ng matinding krisis pang-ekonomya ng US ay nananatiling walang bukambibig ang gubyernong Bush kundi ang mang-upat ng gera sa Iraq. Para sa militarista at imperyalistang administrasyon ni George W. Bush, ang gerang agresyon sa Iraq ang solusyon upang makaahon sa krisis ng globalisasyon. Lagpas sa retorika ng anti-terorismo, ang gerang agresyon ng US ay nakatarget hindi sa weapons of mass destruction o sa madugong rekord ng gubyerno ni Saddam Hussein kundi sa kontrol at dominasyon sa industriya ng langis at ang dambuhalang tubong malilikha ng industriyang pandigma nito.

Matatagpuan sa Iraq ang ikalawang pinakamalaking reserba ng langis sa buong mundo na ang tinatayang kabuuang napatunayang reserba nito ay umaabot ng 112.5 bilyong bariles o halos 10% ng tinatayang deposito ng langis sa buong mundo. Sa pagtatayang ito, ang Iraq ang maituturing na pangalawa sa Saudi Arabia na may tinatayang reserbang langis na aabot sa 262 bilyong bariles. Subalit hindi tulad ng ibang bansang may langis, napakalaki pa ng potensyal ng mga mina ng langis sa Iraq dahil sa di gaanong aktibong produksyon ng langis dito bunga ng mga economic sanctions na itinakda ng UN matapos ang gera sa Gulpo noong 1991. Bukod dito, higit na mababa ang gastos sa produksyon ng pagmimina ng langis dito at napakaestratehiko ng lokasyon batay sa ruta ng daluyan dahil napapalibutan ito ng mga bansang may produksyon din ng langis.

Nitong nakaraang mga taon, aktibo ang iba't ibang malalaking kumpanya ng langis sa pakikipagkasundo sa gubyernong Iraq para sa pagmimina at produksyon ng langis dito at napipigilan lamang ng UN economic sanctions. Partikular dito ang LukOil ng Rusya, ang National Petroleum ng China at ang

TotalFinaElf ng France na maaga nang nakaposisyon para sa pagpapaunlad at rehabilitasyon ng pagmimina ng langis sa Iraq. Mahalaga ding banggitin ang matigas na paninindigan ni Saddam Hussein na hindi papasukin ang mga kumpanya ng US at United Kingdom sa Iraq sa ilalim ng kanyang administrasyon.

Kapag napatalsik si Saddam sa Iraq, magpipista ang US at UK dahil magbibigay ito ng pagkakataon para sa kanilang mga kumpanya ng langis na kontrolin ang langis sa Iraq sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng 30 taon at makakalamang sa iba pang imperyalistang korporasyon ng langis na kasalukuyang nakaposisyon sa Iraq. Kung tutuusin, ang mga girian ng mga imperyalistang bansa sa UN Security Council ay sumasalamin sa ganitong kalagayan at ang esensya ng pagtatalo ay kung sino ang makikinabang sa langis ng Iraq.

Mahalagang kalakal ang langis sa pandaigdigang ekonomya. Ang industriya ng pagmimina, pagrerepina at distribusyon nito ang itinuturing na pinakamalaki at isa sa pinakamahalagang industriya sa daigdig. Sa langis nakasalalay ang pag-inog ng mga industriya at maging ng mga operasyong militar. Tinatayang 42% ng pandaigdigang pangangailangan sa enerhiya ay nakasalalay sa langis.

Patuloy na lumalaki ang pangangailangan sa produktong petrolyo na sinasabing umaabot sa 1 milyong bariles hanggang 2 milyong bariles kada araw. Ang US ang nangungunang konsyumer ng mga produktong petrolyo mula sa gasolina, jet fuel hanngang sa LPG. Sa kabilang banda, ang mga pinakamalalaking korporasyon sa langis ay ang Exxon-Mobil (US), Chevron-Texaco (US), ang Royal Dutch-Shell at British Petroleum ng United Kingdom. Kontrolado ng mga ito ang malakaing bahagi ng industriya ng langis mula sa pagmimina sa mga bansa na kalakhan ay sa Gitnang Silangan hanggang sa repinerya at distribusyon ng mga produktong petrolyo.

Bilyonbilyong dolyar ang katumbas ng langis na iluluwal ng madugong gera sa Iraq. Hindi pa man, pinagpaplanuhan na ng mga dambuhalang korporasyon sa langis ang paghahati sa pakinabang at paghahati sa Iraq matapos mapatalsik si Saddam. Kaya naman, magkandapilipit man ito sa paghahanap ng katwiran sa paggera sa Iraq, todotodong itong nang-uupat ng paglusob sa Iraq sa pamamagitan ng mga ahente at mga kasosyo sa

negosyo na nakapwesto sa gubyerno ng US. Si George W. Bush mismo ay dating oil executive at tagapagtatag ng Arbusto Energy noong 1978. Ang kanyang vice president na si Dick Cheney ay pinuno ng Halliburton, isang kumpanyang nagmimina ng langis. Ang kasalukuyang Interior Secretary ng US na si Gale Norton ay dating abogado ng mga malalaking kumpanya ng langis at si US National Security Advisor Condoleeza Rice ay dating pinuno sa Chevron. Anupa't hindi maitatatwang ang naglalangis na interes sa likod ng gera ng US sa Iraq.

Ganito rin ang kwento sa industriyang pandigma ng US na isa pang negosyong makikinabang sa gera sa Iraq. Ang US ang bansang may pinakamalaking badyet sa militar at binabasehan din ng pinakamalalaking korporasyong pandigma sa buong daigdig. Malaking bahagi ng ekonomya lalo na ang sektor ng pagmamanupaktura ng US ay nakasalalay sa industriyang pandigma. Mahigit sangkatlo ng kabuuang bilang ng inhenyero at syentista ng US ay nakaempleyo sa pagmamanupaktura ng gamit at armas-pandigma.

Mahigpit ang ugnayan ng gubyerno at ng industriyang pandigma. Ang pangunahing konsumer ng mga produktong pandigma ay ang establisimyentong militar ng US. Mga armas din ang isa sa mga pangunahing eksport ng US. Katunayan, ang industriyang pandigma ng US ang isa samga industriyang nagpasikad ng husto sa ekonomya nito sa pamamagitan ng pagbebenta ng armas sa mga kaalyado maging sa mga kalaban-sa-gerang mga bansa. Sa mga nakaraang resesyon ng ekonomya sa US, naging signipikante ang papel ng industriyang pandigma upang pasikarin ang ekonomya, lumikha ng empleyo at kumita sa paglalako ng armas.

Ang gahiganteng industriyang pandigma ng US ay kadalasang tinatawag na "military-industrial complex". Subalit hindi lamang ito simpleng termino kundi tumutukoy din sa napakalaking kapangyarihan at impluwensya ng industriya sa mga patakaran ng gubyernong US. Tumatagos ang impluwensya ng mga korporasyong ng armas-pandigma sa pamamagitan din ng mga may-ari at kasosyo sa negosyo na may mga ahente at sa ilang pagkakataon pa nga'y tuwirang nakapwesto mismo sa administrasyon. Halimbawa, ang dating pinuno ng US Armed Forces na si Gen. John Shalikashvili ay direktor ng Boeing/McDonnel Douglas Corporation. Ang dating pangulo ng US (at tatay ni George W. Bush) na si George Bush Sr. ay

kasalukuyang konektado sa Carlyle Group of Companies na kabilang sa mga pangunahing defense and communications contractor ng gubyerno. Subsidaryo naman ng Halliburton Corporation ni US Vice President Dick Cheney ang Brown and Root Company na may malaking kontrata sa establisimyentong militar ng US para sa lohistikal nitong pangangailangan. Mahaba ang listahan ng mga personahe at korporasyong may koneksyon sa gubyerno at establisimyentong militar ng US at tiyak na makikinabang sa gerang agresyon ng US.

Tulad sa industriya ng langis, nagpipista din ang imperyalistang interes sa industriyang pandigma. Patuloy na lumalaki ang badyet pangmilitar ng US habang binabawasan o kaya'y tuluyang tinatanggalan ng badyet ang mga serbisyo ng gubyerno sa kalusugan, pabahay, at benepisyong panlipunan sa mamamayang Amerikano. Sa gera sa Iraq o anumang gerang ilulunsad ng US, ang tiyak na makikinabang ay ang mga malalaking defense contractors tulad ng Boeing, Raytheon, Lockheed martin, Northrop Grumman at iba pang korporasyong pandigma.

Malinaw ang interes sa likod ng gerang US sa Iraq. Dambuhalang tubong lilikhain ng kontrol sa napakalaking reserbang mina sa Iraq at ang dambuhalang kita sa armas at iba pang produktong pandigma na hindi lamang maibibenta kundi mailalako pa sa buong mundo sa pamamagitan ng libreng patalastas.

7 Ano ang pangkalahatang agenda ng US?

Paghahari sa buong daigdig. Aroganteng itinakda ng US sa sarili ang kapangyarihan bilang "globocop" o pandaigdigang pulis. Hindi lamang sa Gitnang Silangan kundi nakadeploy ngayon ang libulibong pwersang militar ng US sa iba't ibang panig ng mundo na handang maglunsad ng gerang agresyon sa alinmang bansa o pwersang banta sa interes nito.

Ito ang Pax Americana o American Peace. Isang doktrina ng paghahari ng unang ginamit sa panahon ni Theodore Roosevelt noong 1904 bilang pagsasakatuparan sa Monroe Doctrine na nagtatakda ng pakikidigma ng US sa sinumang magbibigay-panganib sa interes ng United States of America.

Mula noon, ito ang ginagamit na doktrina upang bigyang-kaktwiran ang mga panghihimasok ng US sa ibang bansa.

Ganito rin ang katwirang nasa likod ng gerang agresyon ngayon ng US sa ilalim ng gubyernong Bush. Ayon sa National Security Strategy ng administrasyong Bush, “kailangan at dapat na magmentina ng kapabilidad ang US upang labanan at gapiin ang sinuman – gubyerno man o ibang pwersa, na nagtatangkang komontra sa US at sa mga kaalyado at kaibigan nito”. Kabilang sa tinutukoy na “interes” ng US ang pagpapanataili sa malayang kalakalan, malayang access sa pamilihan, suplay ng enerhiya at iba pang istratehikong rekurso.

Tauntaon ay lomolobo ang gastos pangmilitar ng US upang magmentina ng napakalaking hukbo at patuloy na minomodernisa ang kagamitang pandigma habang pinipwersang magdisarma ang ibang bansa. Sa kasalukuyan, nagmementina ang US ng 800 instalasyong miltar kabilang na ang 60 base miltar sa mahigit 140 bansa. Sa mga ito nakaistasyon ang mahigit 200,000 tropang militar ng US bukod pa sa 50,000 sundalong lulan ng mga barkong pandigma na nagpapatrulya sa mga karagatan. Hindi pa kuntento dito, nakikipagkasundo pa ito ng mga security and defense arrangements sa 56 na bansa para sa “mutual defense and cooperation” kabilang na ang pagsasagawa ng mga joint military exercises sa mahigit 180 bansa.

Lahat ng ito ay bahagi ng paggampan nito sa inakong papel bilang “globocop” na tagapangasiwa sa “kapayapaan at kaayusan” ng buong daigdig batay sa interes ng globalisasyon at malayang kalakalan.

Mahalagang bahagi ng estratehiya ng US ang postura nitong militarista upang makaalpas sa krisis na kinasasadlakan nito. Ang ekonomya ng US ay sa kalakhan nakasandig sa eksport at import, at sa pangunahi’y sinusuhayan ng pautang at pamumuhunan mula sa ibang bansa. Kinakailangan ng US ang militaristang postura at pagpapanatili ng kapangyarihang pampulitika nito upang makamit ang kumpyansa ng negosyo at patuloy na maging “ligtas” na sentrong pamilihan para sa mga produkto, serbisyo at kapital ng pandaigdigang kapitalismo. Ang kahalagahan ng retorika ng gera at kapangyarihang militar ay lalong naging mahalaga sa US laluna matapos ang atake noong September 11 at ang pagbulusok ng ekonomya nito noong 2002.

8 Madadamay ba ang Pilipinas sa gera sa Iraq?

Hindi ligtas at sigurado pa ngang nasa gitna ng digmaan ang Pilipinas sa pagsalakay ng US sa Iraq. Lalo pa't ang gubyernong Gloria Macapagal-Arroyo, ang isa sa iilang gubyerno na lantarang sumusuporta sa gerang agresyon ng US sa Iraq.

Sa kabila ng pandaigdigang pagtutol sa gerang agresyon ng US, walang kagatulgatol na sinuportahan ito ng gubyernong Arroyo. Inalok pa nga nitong gamitin ng US ang Pilipinas bilang lunsaran ng kanilang operasyon sa Iraq, himpilan ng mga tropa at imbakan ng mga kagamitang pandigma.

Tuluyan nang hinubad ng administrasyong ang anumang pagbabalatkayo at lantaran na itong humarap sa buong mundo bilang nangungunang tuta ng imperyalismong Amerikano. Habang tinutuligsa ng buong daigdig ang mapanakop na gera ng US, nakipagdweto naman ito sa iilang katulad na tuta ng US upang diumano'y wakasan ang terorismo. Sa asembleya ng mga bansang kasapi sa Non-Aligned Movement (NAM), halos matunaw sa kahihiyan ang mamamayang Pilipino nang ideklarang buong tigas ni Pangulong Arroyo ang suporta at pagpuri sa gera ng US sa "teroristang" mga gubyerno at pwersa. Ito ay sa kabila na mabibilang lamang sa daliri ang bansang may ganitong paninindigan habang ang malaking mayorya ng mga bansang naroroon ay tumutuligsa sa ipinipilit na gerang agresyon ng US at UK.

Hindi lamang kahihiyan ang idinulot ng gubyernong Arroyo, kundi kinaladkad pa nito ang Pilipinas at isinusuong sa panganib ang buhay ng mamamayang Pilipino para ipambala sa gerang agresyon ng US. Kapalit ng ayudang militar, at patuloy na pampulitikang suporta sa kanyang administrasyon, nagpapagamit ang gubyernong Arroyo upang maisagawa ng US ang adyenda nitong maghari sa buong daigdig.

Nilegalisa ng gubyernong Arroyo ang tuwirang panghihimasok ng tropang Amerikano sa Pilipinas sa pamamagitan ng ipinilit na Visiting Forces Agreement (VFA) at Mutual Logistics and Support Agreement (MLSA) na

nagpapahintulot sa pagdaong at pananatili sa alinmang panig ng bansa sa mga barko, eroplano at pwersang militar ng US. Nagmistulang malaking base militar ng US ang Pilipinas na maaring maging transit point o daluyan ng mga pwersa ng US patungo sa mga gera nito.

Ngunit hindi lamang ito ang adyenda ng US sa Pilipinas. Upang ganap na maproteksyonan ang ekonomyang interes nito sa bansa at lalo pang pahigpitin ang malakolonyang katangian ng bansa, idineklara ng US ang Pilipinas bilang "second front" o ikalawang larangan sa kanilang "war on terror". Layon daw ng US na tulungan ang gubyerno ng Pilipinas na lipulin ang mga teroristang grupo tulad ng Abu Sayyaf. Kaya naman nagsasagawa ng mga joint military exercise sa pagitan ng US at Pilipinas upang magsanay sa pakikipaglaban sa terorismo.

Subalit lumalabas na ang tunay na target ng US sa Pilipinas ay ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas tulad ng New People's Army (NPA) at Moro Islamic Liberation Front (MILF) na may mahabang rekord ng paglaban sa agresyon ng US laluna sa Pilipinas. Nagkakanlong lamang sa mga military exercise, subalit ang talagang pakay nito ay magsagawa ng mga magkakasanib na aksyong militar upang lipulin ang mga rebolusyonaryong pwersa at maging ang baseng suporta nito. Naiulat sa mga pahayagan kumakailan ang pagdami ng mga tagapayong militar ng US na tuwirang sumasama sa mga counter-insurgency operations ng AFP sa kanayunan tulad ng isang US Major Antonio na aktibo sa Kabikulan.

Ngayong taon, 17 joint military exercise ang nakatakdang isagawa ng US sa Pilipinas kabilang na ang pagpapadala ng mga Special Foces ng US tulad ng Green Berets na tuwiran nang lalahok sa paglipol sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas. Ito ang laman ng mga bagong kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas na mahigpit na tinututulan ng mamamayan dahil sa lantaran nitong paglabag sa konstitusyon at pagyurak sa soberanya ng bansa. Pilit itong itinatanggi ng gubyernong Arroyo subalit halos sampalin ito sa mukha ng aminin at kumpirmahin pa nga ito ng gubyernong US.

Ang pagtatalaga ng tropang Amerikano at pagdeklarang "second front" ang Pilipinas ay bahagi ng militaristang adyenda ng US na tuwiran nang manghimasok hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa Silangang Asya,

target ang mga bansang may malakas na sentimyentong anti-US. Kung tutuusin, ang sabwatang US at Macapagal-Arroyo ang nangungunang banta sa seguridad at kapayapaan sa Timog Silangang Asya.

9 Ano ang epekto sa Pilipinas at sa mamayang Pilipino ng gera sa Iraq?

Wala pa ngang gera subalit napakatindi na ng kalagayan at kaapihan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng gubyernong Arroyo. Walang trabaho, kakarampot na sahod, walang sariling tirahan, walang lupa, walang kabuhayan, malaganap na paghihikahos sa kanayunan, militarisasyon at napakataas na halaga ng pamumuhay. Anupa't halos hindi na makagulapay ang mamamayan sa krisis ng malapyudal na lipunan na libayo pang pinalala ng patakarang globalisasyon ng gubyerno.

Pero tila hindi pa ito ang katapusan ng kunsumisyon dahil higit na matindi at malupit ang delubyong sasapitin ng mamamayan at ng ekonomya ng bansa sa pagputok ng gera sa Iraq.

Lalo pang tataas ang presyo ng mga bilihin sa pagsirit ng presyo ng produktong petrolyo na iluluwal ng gera sa Iraq. Titiyak na sasamantalahin ng mga monopolyong kumpanya sa langis ang mga pagbabago sa pandaigdigang suplay ng langis upang magkamal ng ibayo pang tubo. Hindi pa man, apat na beses na tumaas ang presyo ng produktong petrolyo mula noong Enero 2003. Ayon sa mga pagtataya, ang presyo ng bariles ng krudo ay maaring umabot mula sa $75 dolyar hanggang $100 sakaling magtagal ang digmaan sa Iraq. Mantakin mo ang halagang ipapatong dito ng mga ganid na kumpanya ng langis samantalang ngayon pa lang ay hindi na halos makayanan ang kasalukuyang presyong $30 kada bariles ng krudo. Ibayo pang sisirit ang presyo ng mga batayang produkto at serbisyo mula sa LPG, gasolina hanggang sa tubig, kuryente, pamasahe at maging sa batayang pangangailangan ng pamilya. Paano pa ito makakayanan ng ordinaryong mamamayan na walang trabaho at kabuhayan.

Direkta ding manganganib ang buhay at kaligtasan ng 1.5 milyong migranteng manggagawa na nagtatrabaho sa Gitnang Silangan. Itinuturing

silang bayani dahil ang kanilang mga padalang dolyar ang sumusuhay sa naghihingalong ekonomya ng bansa. Subalit walang alintanang binalewala ng gubyernong Arroyo ang kanilang kaligtasan dahil sa lantarang nitong pagsuporta sa gerang agresyon ng US. Ang ganitong posisyon ng gubyerno ay maaring maglagay sa panganib sa mga Pilipinong nagtatrabaho sa Gitnang Silangan sa posibleng bulag na pag-atake ng ilang panatikong tagasunod ni Saddam bilang ganti sa pangangayupapa ng Pilipinas sa US.

Malaki din ang magiging epekto ng gera sa ekonomya ng bansa. Nabanggit na ang malaking papel ng remitans ng mga migranteng Pilipino sa pagsuhay sa pambansang kita ng Pilipinas. Sa pagsiklab ng gera, maramihang Pilipino ang pauuwiin sa Pilipinas na walang trabaho at walang kabuhayang maipantataguyod sa kanilang mga pamilya. Pasasambulatin nito ang krisis ng kawalan ng trabaho sa bansa. Bukod dito, ang malaking kabawasan sa remitans ay magsasadlak sa mas matinding krisis pampinansya sa ating ekonomyang napakatakaw sa dolyar.

Subalit, ang pinakamasahol ay ang pagkadawit ng Pilipinas sa isang gerang wala naman itong kinalaman. Dahil sa pagpapakatuta ng gubyernong Arroyo, ang Pilipinas ay magiging aktibong lunsaran ng digmang agresyon ng US at kung gayo'y magiging magneto din ng atake mula sa mga kalaban nito. Bilang base militar ng US sa Silangang Asya, magiging target ang ating bansa sa mga ganting salakay ng mga kaaway ng US. Kung sakali mang tutuo na may weapons of mass destruction ang mga kalaban ng US, tiyak na isa ang Pilipinas sa mga unang tatargetin ng mga ito.

Tila hindi alintana ng gubyernong Arroyo ang lahat ng ito. Makuha lamang ang suporta ng US, iniaalay nito ang buhay ng mamamayang Pilipino, ang soberanya ng bansa at maging ang pandaigdigang kapayapaan sa altar ng imperyalismong US.

10 Ano ang maaaring gawin ng mamamayang Pilipino laban sa gerang agresyon ng US?

Tinatayang aabot na sa 30 milyong mamamayan na sa iba't ibang panig ng mundo ang nagmartsa at nagpahayag ng matinding pagtutol sa gerang

agresyon ng US. Ang Simbahang Katoliko at maging ang iba pang Simbahang Kristiyano ay paulit-ulit nang nagpahayag ng pagkondena sa gera ng US. Tutol ang higit na nakararaming bansa sa United Nations (UN), sa Non-Aligned Movement (NAM) at kahit na sa pandigdigang opinyong publiko. Maging sa mismong bakuran ng US at UK, daanlibong mamamayan ang aktibong nagpapahayag ng pagtutol sa gera at nagsasabing huwag silang gamiting dahilan ng kanilang mga gubyerno upang isagawa ang agresyon nito sa mga bansang tulad ng Iraq.

Lubusan ding itinakwil ang mamamayang Pilipino ang nangangayupapang posisyon ng papet ng gubyernong Gloria Macapagal-Arroyo. Maliban sa ilang militaristang personahe sa gabinete, walang sinupaman ang may lakas ng loob ng sumuporta sa sunudsunurang postura ng pangulong Arroyo sa US. Synudsunod ang samutsaring protesta at pagtutol sa gera ng US at pagkondena sa tutang gubyerno ni Arroyo mula sa kongreso't senado, mga simbahan hanggang sa mga NGOs, organisasyong masa at progresibong kilusan.

Nararapat at kinakailangan aktibong tutulan ng mamamayang Pilipino ang gerang agresyon ng US hindi lamang sa Iraq kundi sa lahat ng panig ng daigdig laluna sa Pilipinas. Hindi lamang ito bilang pakikiisa sa buong mundo kundi bilang pagtatanggol sa buhay, kaligtasan at kabuhayan ng mamamayang Pilipino.

Kailangan aktibong labanan ng mamamayan ang gera ng US at ilantad ito bilang gerang agresyon na ang layon ay manghimasok sa mga bansa at mandambong ng yaman at rekurso sa mga mahihirap na bansang tulad ng Iraq, Afghanistan at Pilipinas. Kailangan ilantad ang gubyernong Bush bilang numero unong terorista at pangunahing banta sa kapayapaan ng buong mundo. Lumahok sa mga talakayan, pulong, porum at mga pagtitipon at gamitin ang lahat ng daluyan ng impormasyon – email, text, telepono, radyo, telebisyon, polyeto upang ipahayag at isiwalat sa buong mundo ang imbing pakana ng imperayalistang globalisasyon.

Itutok ang pinakamalakas na protesta sa gubyernong Arroyo bilang masugid na papet ng teroristang imperyalismong US. Kailangan papanagutin ang tutang gubyerno ni Arroyo sa pagkaladkad nito sa Pilipinas sa gerang agresyon ng US at ang pagbabalewala nito sa kapakanan at kaligtasan ng

mamamayang Pilipino kabilang na ang mga overseas Filipino workers (OFWs). Dapat singilin ng sinumang nagmamahal sa bayan ang ginagawang paglapastangan ng gubyernong Arroyo sa soberanya ng bansa sa pagpayag nitong gawin itong lunsaran at laboratoryo ng gerang agresyon ng US.

Ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa sabwatan ng imperyalismong US at papet na gubyernong Arroyo ay malaking ambag sa pandaigdigang paglaban sa imperyalismo at sa militaristang adyenda nito. Ang pagtindig ng mamamayan laban sa gerang agresyon ng US ay paninindigan para sa kabuhayan, katarungan at pangmatagalang kapayapaan.■